# May Kakaiba Kay Rosita

Ako po si Nathalie. Eighteen years old. Taga-Cavite. Nais ko lang pong magbahagi ng kuwento ko. Last month lang po ako lumipat sa bago kong boarding house dahil sa hindi namin pagkakaintindihan ng aming landlady.

Isang bed spacer na kuwarto ang nakuha ko. Malaki at maaliwalas ang buong kuwarto. May dalawang double deck na tulugan sa magkabilang sulok ng silid. Nang makapasok ako sa loob ay agad kong inayos ang lahat ng gamit ko. Kailangan ko ng boarding house na may maluwag na patakaran. Iyong tipo na mayroon kang susi. May curfew kasi

kami sa dati kong boarding house. Kapag lumagpas ka sa oras ng curfew ay hindi ka na makakapasok sa bahay. Iyon ang isa sa mga pinag-awayan namin ng landlady ko. Sa gabi kasi ang trabaho ko kaya patay na oras talaga ako nakakauwi.

Nagustuhan ko ang bago kong nilipatan dahil puwede mong gawin ang kahit na ano. Walang bawal at curfew. Sinabi sa akin ng landlady sa bago kong boarding house na may isa raw akong kasama roon. 'Rosita' raw ang pangalan. Mabait naman daw ito at tiyak na makakasundo ko raw. Hindi ko raw siya naabutan dahil pumasok na raw ito sa trabaho sa isang slaughter house.

Matapos kong ayusin ang mga gamit ko ay pagod na humiga ako sa kama ko. Ipinikit ko ang mga mata ko. Ngunit mabilis ko namang binuksan ang mga mata ko nang may maramdaman akong dumaan sa gilid ko. Mabilis akong bumangon at pinakiramdaman ang paligid. Baka kasi si Rosita na iyon. Ngunit wala namang tao sa loob ng silid maliban sa akin.

Bigla na lamang nagsitaasan ang mga balahibo ko sa katawan. Mabilis kasi talaga akong mag-overthink. Paano kung minumulto ang silid na inuupahan ko?

Umidlip lang ako saglit at nagpasyang bumangon na. Nakaramdam kasi ako ng gutom. Hindi pa ako nakakabili ng supplies para sa pagkain ko.

Tatayo na sana ako sa kama nang may napansin ako sa kabilang double deck kung saan natutulog si Rosita. Dahan-dahan akong tumayo at lalapitan sana iyong nasa ilalim ng kama nang biglang bumukas ang pinto ng kuwarto.

Napapitlag pa ako dahil nagulat talaga ako. Gulat din ang reaksyon ng naturang babae. At nang dumapo ang tingin niya sa kung saan ako nakatingin ay mabilis niyang tinakpan ng kumot ang mga bagay na iyon. Tinanong niya ako kung sino ako at kung paano ako nakapasok sa kuwartong iyon.

Sinabi ko sa kanya na roon na ako titira. Mukhang nagalit pa nga siya dahil hindi raw siya na-inform. Sa susunod daw ay huwag kong pakialaman ang mga gamit niya. Tumango ako sa sinabi niya at pagkatapos ay nagpakilala sa kanya.

Weird. Iyon ang first impression ko kay Rosita. Medyo may pagkakulot ang buhok niya at medyo morena. Madalas din siyang magsuot ng bulaklaking blusa na tineternuhan ng kupas na palda. Nagsasalita lang siya kapag

tinatanong.

Isang beses nang umuwi ako galing sa trabaho, nadatnan ko si Rosita sa loob ng kuwarto na parang may ginagawa. Patay ang ilaw at tanging nakasinding kandila lang ang tanglaw niya. Pagkakita sa akin, mabilis niyang pinatay ang kandila at agad na iniligpit ang mga gamit.

Akala ko noong una ay brownout lang noon, ngunit nalaman kong hindi pala dahil bumaha ng liwanag sa kabuuan ng kuwarto nang pindutin ni Rosita ang ilaw.

Tinanong ko siya kung ano ang kanyang ginagawa gayong hating-gabi na. Sinagot lang niya ako ng "Wala," sabay higa at nagtalukbong ng kumot. Hinayaan ko na lamang siya.

Kinaumagahan ay nagulat na lamang kaming mga boarders nang dalhin sa ospital ang landlady namin. Nagsusuka raw ito at sumasakit ang tiyan. Halos isuka raw nito ang lahat ng kinain nito, sabi pa ng anak ng landlady. Nagkalat nga kung saan-saan ang suka ng landlady namin. May napansin din ako sa suka niya.

Agad ko namang naalala si Rosita at ang nakita ko sa ilalim ng kama niya at ang nasaksihan ko noong gabi na nadatnan ko siya sa loob ng kuwarto namin. Nagpapatunay iyon

na isang mambabarang si Rosita! Binarang niya ang landlady namin dahil may nakita akong litrato ng kasera sa mga gamit niya at ilang hibla ng buhok na sigurado akong sa landlady namin.

Napag-alaman ko rin sa ibang mga boarders na nagkaroon daw ng pagtatalo ang dalawa dahil ayaw raw ni Rosita na mayroon itong roommate. At isa lang ang alam kong dahilan niya: Ayaw niyang may makamadiskubre kung sino siya!

Nang araw ring iyon ay hindi na namin nakita si Rosita. Dinala sa albularyo ang landlady namin at doon nalaman na binarang nga ito ng dating roommate ko!

# Misteryo sa Bagong Bahay

Tawagin ninyo na lang po akong Raquel. Thirty-four years old, taga-Romblon. Ako ay may-asawa na at may dalawang taong gulang na anak.  Noon pa man ay pangarap ko na talaga na magkaroon ng sariling bahay. Buhat kasi noong magsama kami ng asawa kong si Larry ay sa bahay ng mga magulang na niya kami tumira. Maayos naman ang pakikitungo ng mga magulang niya. Pero ewan ko, iba talaga ang magkaroon ng sariling bahay. Iyong masasabi mong sa iyo, kung saan puwede mong gawin ang lahat ng gusto mo sa bahay mo nang hindi humihingi ng permiso sa iba.

Palagi kong itinatanong kay Larry kung kailan ba kami magbubukod. Kung kailan ba kami magkakaroon ng sarili naming bahay? Tinanong din ako ni Larry kung masama ba ang trato ng magulang niya sa akin kaya ako nag-iisip na lumipat ng bahay. Iyon daw agad ang naisip niyang dahilan kung bakit gusto kong bumukod kami. Sinabi ko sa kanya na maayos naman ang pakikitungo ng magulang niya sa akin. Gusto ko lang na magdesisyon minsan sa bahay na hindi ko nagagawa sa pamamahay ng magulang niya.

Naiintindihan naman ni Larry ang point ko at gagawa raw siya ng paraan para makalipat kami agad sa sarili naming bahay. Dalawang buwan lang ang lumipas ay sinorpresa ako ni Larry nang may ibigay siya sa akin. Isa iyong susi ng bahay.

Napakasaya ko nang araw na iyon dahil sa wakas ay matutupad na ang pangarap ko na magkaroon ng sariling bahay. Malungkot naman ang mga magulang ni Larry sa desisyon namin. Ayaw raw nila na lumayo kami dahil mami-miss nila ang kanilang apo. Sinabi naman ng asawa ko sa mga magulang niya na dadalaw din naman kami sa kanila paminsan-minsan.

Sa isang subdivision nakatayo ang bahay

na binili ni Larry. Nag-loan daw siya sa kanilang kumpanya para mabili ang bahay na iyon. Simple lang ang nasabing bahay. Hindi masyadong malaki at hindi naman maliit. Maganda rin ang puwesto nito dahil nakaharap sa silangan. Maganda dahil suwerte raw iyon. Bago kami lumipat doon ay pina-bless muna namin iyon. Napakasaya ko nang araw na iyon dahil excited akong tumira sa bagong bahay.

Sa unang gabi ng paglipat namin ay namahay ako. Hindi ako makatulog. Kabaliktaran naman iyon sa mag-ama ko dahil mahimbing ang tulog nila.

Dahil hindi ako makatulog, nagtimpla ako ng gatas sa kusina. Habang nagtitimpla ng gatas ay napansin ko na parang may anino ng tao na dumaan sa may bintana ng kusina. Dahil sa kuryusidad, bahagya akong lumapit sa bintana at napaatras ako sa gulat nang kumatok sa main door ang naturang anino na may pigura ng tao. Naririnig ko pa ang pagkatok nito.

Dali-dali akong bumalik sa kuwarto namin at agad na ginising ang asawa ko. Sinabi ko sa kanya na may tao sa labas ng bahay.

Bumalikwas naman siya ng bangon at kumuha ng tubo na nakita niya sa kusina.

Sinabi niyang huwag daw akong lalabas ng bahay. Tumango ako at naupo sa may sala.

Nanginginig ako habang hinihintay na bumalik ang asawa ko. Nasa ganoon akong puwesto nang may mapansin ako na dumaan sa peripheral vision ko. Napasigaw na lamang ako sa pangalan ng asawa ko. Sa palagay ko kasi ay nakapasok na sa bahay namin ang nanghihimasok. Agad naman akong binalikan ng asawa ko at sinabi ko sa kanya na nakapasok na ang estranghero sa loob ng bahay.

Nilibot niya ang lahat ng sulok ng bahay ngunit wala siyang nakita.

Sinabi niyang wala naman daw siyang nakitang tao sa loob at labas ng bahay. Wala rin siyang nakitang indikasyon ng sapilitang pagpasok.

Nang mai-lock na niya ang lahat ng pinto ng bahay ay niyaya na niya akong bumalik sa pagtulog. Baka raw dala lang iyon ng excitement ko na tumira sa bago naming bahay kaya kung anu-ano na ang naiisip ko.

Lumipas ang ilang araw na patuloy pa rin akong nakakaramdam ng kakaiba sa loob ng bahay. Kung hindi kalabog at yabag ng paa ang naririnig ko ay mga nagsisihulugang gamit. Ano nga ba ang nangyayari sa akin?

Bakit ako nakakaramdam ng kakaiba sa bahay na nilipatan namin?

Sinubukan kong ikuwento sa asawa ko ang mga nararanasan ko sa bahay at sinabi kong lumipat na lamang kami ng ibang bahay. Nagalit siya sa akin. Bakit daw ako gumagawa ng kuwento? Siguro raw ay hindi ako kuntento sa maliit na bahay na nakayanan niya. Sinabi ko sa kanya na hindi iyon ang dahilan ko. Ngunit nag-away lang kami dahil wala naman siyang nararamdaman na kakaiba sa bahay.

Hindi ko na lamang pinatulan pa ang asawa ka. Kung hindi niya kayang lumipat ng bahay ay ako na lamang ang aalis. Hindi ko na kaya pang tumagal pa sa bahay na iyon.

Nang araw ring iyon ay nagligpit na ako ng mga damit ko. Pinigilan ako ng asawa ko na umalis. Nagmakaawa siya sa akin. Gagawa raw siya ng paraan para malaman kung ano ba talaga ang totoong dahilan ng mga nararamdaman ko sa bahay.

Isang araw ay may inimbita siya na isang *feng shui* expert. Naikuwento raw niya sa katrabahong half-Chinese ang paglipat namin ng bahay kaya pinayuhan siyang isangguni iyon sa isang expert.

Sinamahan namin ang *feng shui* expert na libutin ang labas at loob ng bahay. Napag-

alaman namin ang tungkol sa 'ghost month.' Ayon sa mga Chinese ay bawal daw na lumipat ng bahay mula buwan ng Hulyo 29 hanggang Agosto 26. Pinaniniwalaan daw ng mga Intsik na bumubukas daw ang impyerno at lumalabas ang mga masasamang espiritu sa ganoong mga petsa. Palipasin raw muna ang mga nasabing araw para hindi sumama ang masamang espiritu sa paglipat sa bagong bahay.

Nanindig ang mga balahibo ko sa sinabi ng *feng shui* expert. Hindi ako Chinese pero naniniwala ako sa sinasabi niya. Siguro nga ay sumama sa paglipat namin ng bahay ang masamang espiritu.

Pinayuhan niya kaming mag-alay ng mga pagkain gaya ng anim na inumin, anim na ulam at dalawang kanin. Mag-insenso rin daw kami at pinayuhan kami ng mga masuwerteng ayos ng mga gamit sa loob ng bahay.

Lumipas ang isang linggo na hindi na ako nakaramdam ng kung ano sa loob ng bahay. Siguro ay tuluyan nang lumayas ang kaluluwang sumama sa amin sa paglipat.

Ngayon ay tahimik na kaming naninirahan sa aming bahay kasama ang aming anak.

# Unwanted Guest

Hi! Ako po si Brandon. Isa akong hotel staff at sa front desk po ako naka-assign. Magbabahagi lang po ako ng karanasan ko sa pagtatrabaho ko sa isang hotel. Five years ago na yata noong maranasan ko ang nakakatakot na experience na iyon.

Twelve midnight noon nang magising ako sa isang tawag mula sa telepono. Galing iyon sa isa sa mga guests. Nirereklamo nila ang ingay ng kalabog na nanggagaling sa katabi nitong room. Tinanong ko sa kanila ang room number nila at ang inirereklamong katabing kuwarto. Chineck ko sa monitor ang rooms para malaman kung sino ang guest sa room na

iyon, pero bago ko pa iyon makita ay nagulat ako nang biglang nag-hang ang computer ko. Ni-refresh ko iyon at matagal ang loading.

Sinubukan kong tawagan ang number ng room na nirereklamo ngunit walang sumasagot sa tawag ko. Muli na namang tumawag ang nagrereklamo. Sinabi kong titingnan ko at ia-update ko na lamang sila. Umalis ako at iniwang naglo-load ang computer ko at pinuntahan ang sinasabi nitong room. Wala na kasing room boy na available nang mga oras na iyon kaya ako na mismo ang pumunta sa nirereklamong silid. Gamit ang flashlight sa cellphone ko ay tinungo ko na agad ang room.

Nag-doorbell ako nang ilang beses ngunit wala akong response na natanggap. Inulit ko ang pag-doorbell ngunit hindi pa rin iyon binubuksan. Natakot na ako sa pagkakataon na iyon dahil baka may kung anong masamang nangyayari sa nasa loob ng kuwartong iyon. Ang last option ko ay buksan ang pinto niyon gamit ang duplicate na susi.

Nang mabuksan ang pinto ay katahimikan ang sumalubong sa akin. Kinapa ko ang switch ng ilaw ngunit wala akong nakitang tao nang bumaha na ang liwanag sa kuwarto. Tahimik iyon. Saan naman pumunta ang

guest sa room na iyon? Naisip ko na uso pa pala ang pranks sa panahon ngayon. Baka nagtatago ang mga ito sa kung saan at ginu-good time lang ang mga tao sa paligid nila.

Bumalik ako sa front desk at sakto namang bumalik na sa normal ang screen monitor ko. Hinanap ko ang number ng room na nirereklamo ng guest at nalaman kong available pa iyon at walang tao. Biglang nanindig ang mga balahibo ko ang buong katawan. Ibig sabihin lang niyon ay minumulto ang kuwarto.

Tinawagan ko ang nagrereklamong guest at sinabi ko na lamang sa kanila na pinagsabihan ko na ang nasa kabilang room. Nagpasalamat na lamang ako na hindi na ulit nagreklamo ang guest at sa tingin ko ay itinigil na ng kung sino mang naroon ang pambubulabog sa katabing room.

Ako si Mark. Isa akong room boy dati sa isang hotel. Dekada ’80 pa raw itinayo ang hotel na iyon. Sa madaling salita ay pinaglumaan na ng panahon ang hotel na iyon. Medyo luma na rin at sira ang ilang gamit na naroon. Wala na rin masyadong nagche-check-in sa nasabing hotel. Hindi rin mawala

ang mga pagpaparamdam sa nasabing hotel. Ilang araw ko pa lamang noon bilang room boy ay nakaramdam na agad ako ng kakaiba.

Naglalakad ako sa hallway nang araw na iyon nang may narinig akong pagsitsit. Hindi ko muna nilingon iyon dahil baka hindi naman ako ang tinatawag. Ilang sandali lang ay naulit ang pagsitsit. Napahinto ako sa paglalakad nang biglang nanindig ang mga balahibo ko. Muli akong naglakad at pinakalma ang sarili ko. Mabilis akong naglakad ngunit patuloy pa rin ang mga pagsitsit. Natatakot akong lumingon dahil baka kung ano ang makita ko. Huminto ang pagsitsit ngunit nagulat ako nang may kamay na kumalabit sa balikat ko. Mabilis akong napalingon ngunit wala akong nakita na kahit ano roon.

Malalaki ang hakbang na bumalik ako sa lobby ng hotel. Nagulat pa nga sa akin ang kasamahan ko nang makita niya akong hinihingal na tumatakbo. Hindi ko sinabi sa kanya ang na-experience ko nang araw na iyon. Ayaw kong pati siya ay matakot din.

Dumaan ang ilang araw ay patuloy pa rin ang nararamdaman kong kakaiba sa hotel. Mas lumala pa nga. Habang nililinisan ko ang isang kuwarto roon ay bigla na lamang nahulog ang isang flower base sa side table ng

kama. Nabasag iyon at kumalat ang bubog, tubig at mga bulaklak sa sahig. Alam kong iniinis ako ng kung sinong nagpaparamdam sa akin.

Matapos kong linisin iyon ay nakita kong may mga putik ang sahig. Hindi ko alam kung saan nanggaling ang putik na iyon. Nilinis ko na lamang iyon.

Kinagabihan ay napaginipan ko ang isang anino. Sinasakal niya ako sa leeg habang sinasabing umalis daw ako sa lugar nila.

Kinaumagahan ay agad akong nag-resign. Iba ang idinahilan ko sa management. Alam kong hindi lang ako ang nakakaramdam ng mga ganoong bagay sa hotel. Siguradong alam din iyon ng mga kasama ko. Takot lang silang umalis dahil takot silang mawalan ng trabaho. Mas pipiliin ko pa siguro na maghanap ng ibang trabaho kesa makasalamuha ang mga nilalang sa hotel na hindi mo nakikita.

# Ang Babae Sa Backseat

Tawagin ninyo na lang po akong Pat. Magbabahagi lang po ako ng aking nakakatakot na karanasan noong minsang dumaan kami sa Ligaya Drive.

Birthday noon ng nobyo kong si Erol at gusto ko siyang surpresahin sa mahalagang araw niya. He lived somewhere in Tagaytay at hindi ko na sasabihin ang eksaktong lugar. Kasama ko ang best friend ni Erol na si Matthew para sa isang surpresa na gagawin namin sa kanya. May dala kaming cakes at tatlong balloons at hindi nawawala ang regalo ko sa kanya na mamahaling relo. Hilig kasi niyang mangolekta ng mga relo at hindi

niya alam na binili ko na ang gustung-gusto niyang relo na nakita namin sa mall noong nakaraan. Kunwari pa ay hindi namin alam na birthday niya dahil sinabi namin kanina na nagpapasama lang si Matthew sa akin dahil magpapatulong ito na gumawa ng plano ng bahay na ipapatayo ni Matthew dahil isang architect si Erol. Sinabi niya sa akin na siya na raw ang gagawa ng plano ng bahay na ipapatayo namin at sisimulan na namin iyon next year at pagkatapos niyon ay kasal naman ang isusunod namin. Last month kasi ay nag-propose na siya ng kasal sa akin.

Habang binabaybay namin ang daan papunta sa bahay nila ay naipit kami sa traffic. Iyon naman talaga ang isa sa pinakamatitinding problema ng bansa, ang walang katapusang traffic! Baka mas gabihin pa kami lalo kapag hinintay pa namin ang mabagal na usad ng traffic. Mabuti na lang talaga at may sasakyan ni Matthew. Dahil kung wala ay mapipilitan akong mag-commute na lang at naging dagdag problema pa iyon. Mag-a-alas seis na kasi at mamaya lang ay madilim na. Medyo malayo pa naman kami sa mismong bahay nila.

Nagtanong ako kay Matthew kung meron ba siyang alam na shortcut para mabilis

kaming makarating kina Erol. Sinabi niya na roon na lamang kami dumaan sa bituka ng manok dahil may shortcut daw doon pero hindi maganda ang daan dahil parang literal talaga na bituka ng manok. Familiar sa akin ang daan na iyon pero never pa akong nakadaan doon.

Wala na akong choice at doon nga kami dumaan. Nakakahilo dahil sa walang katapusang liko. Medyo mabangin din kaya mas doble ang ingat na ginagawa ni Matthew. Idagdag pa ang manaka-nakang pag-ulan na naging dahilan para dumulas ang daan.

Habang binabaybay namin ang kahabaan ng daan ay hindi maiwasan na pagkuwentuhan namin iyon. May narinig na akong mga kuwento tungkol sa daan na iyon pero hindi naman ako naniniwala. Wala naman talagang batayan na may nagpapakita na white lady sa daan. Sinabi pa nga ng iba ay iyon daw ang dahilan ng mga aksidente. Sa palagay ko, delikado lang talaga ang daan kaya marami ang naaaksidente.

Kinuha ko ang cellphone ko sa aking bag para i-text sana si Erol na papunta na kami sa bahay nila pero nakita kong walang signal kahit na isang bar. Wala nga talagang signal sa lugar na iyon. Hinayaan ko na lamang

iyon. Hihintayin ko na lamang na magkaroon ng signal para ma-text ko si Erol.

Habang binabaybay namin ang daan ay napansin ko na panay ang tingin ni Matthew sa rearview mirror ng kanyang sasakyan. Parang may tinitingnan siya sa backseat. Na-curious ako kaya tinanong ko siya kung ano ba ang nakita niya. Mabilis naman niya akong sinagot na may babae raw na nakaupo sa likod.

Hindi ko alam kung tinatakot lang ba ako ni Matthew pero nakikita ko sa mukha niya na seryoso siya. Medyo nakaramdam ako ng hilakbot sa sinabi niya at mabilis akong lumingon. Wala naman akong nakita na kahit na ano. Sinabi sa akin ng kaibigan ko na huwag daw akong matakot dahil normal na raw ang ganoon sa daan na tinatahak namin. Isinawalang-bahala ko na lamang iyon kahit na medyo nanginginig na ako.

Nakahinga lang ako nang maluwag nang makita kong malapit na kami sa bahay nila Erol. At ayon nga, nasorpresa siya sa ginawa namin ni Matthew. Sa kalagitnaan ng pagse-celebrate namin, napansin ko na naiwan pala ang charger ko sa sasakyan ni Matthew. Kailangan ko pa namang mag-charge.

Pumunta ako sa sasakyan niya. Habang

inaabot ko ang charger ko ay hindi inaasahang makita ko sa gilid ng upuan sa backseat. May marka roon ng putik na parang may bumaba galing sa backseat. Nanindig ang mga balahibo ko nang maisip na baka sumama sa amin ang babaeng nakaputi na nakita ni Matthew sa backseat!

# Haunted Tunnel

Ang pangalan ko ay Reden. Isang college student sa kilalang unibersidad sa Maynila. Mayroon akong gustong i-share na kuwento na minsang nagbigay ng sindak sa akin.

Taong 2016 nang kami ay gumawa ng research tungkol sa kilalang *Malinta Tunnel* na matatagpuan sa Corregidor Island. Iyon ang ibinigay na lugar ng teacher namin para gumawa ng documentary sa nasabing lugar.

Bale, anim kaming miyembro ng grupo namin. Kailangan talaga naming puntahan at i-experience ang nasabing lugar at sinadya pa talaga namin. Nagbayad kami ng tour

guide para tumulong sa amin na libutin ang nasabing lugar. Ako ang nakatoka sa pag-video ng gagawin naming documentary.

Nalaman namin na dati palang kuta ng mga sundalong hapon ang nasabing lugar at stock area ng mga hapon ang *Malinta Tunnel* kung saan nila inilagay ang mga bomba at ilang gamit na pandigma. Sinabi rin sa amin ng tour guide na sumabog dati ang tunnel at libu-libo ang nasawing mga sundalong Hapon.

Kinikilabutan ako habang in-interview ng kasama ko ang tour guide tungkol sa lugar. Pumasok na kami sa *Malinta Tunnel* at ang dilim ng paligid. Kitang-kita ang kalumaan ng lugar at ang ilang mga bakas ng nangyaring digmaan. Tanging flashlight lang ang nagsisilbing ilaw namin papasok doon.

Habang palayo nang palayo ang nilalakad namin ay parang nakaramdam ako ng bigat. Parang ang bigat ihakbang ng mga paa ko. Nanindig ang mga balahibo ko dahil parang may mga matang nakatingin sa amin. Pinilit kong ayusin ang pag-vi-video dahil napapansin ko na nanginginig na ang mga kamay ko. Hanggang sa natapos ang mahabang araw na iyon ng buhay namin. Lahat kami ay napagod sa ginawa namin.

Nang matapos namin ang aming sadya

ay sinulit na lamang namin ang aming travel. Pumunta kami sa mga lugar at nag-picture taking sa magagandang view roon. Naligo rin kami sa mga falls para masulit namin ang lugar. Pagkatapos ay umuwi na kami ng Maynila.

Pagdating sa Maynila ay agad ko namang in-edit ang kuha ng video namin. Inilapat ko na rin ang ilang voice overs ng kasama ko. Nagustuhan naman ng mga kasama ko ang final outcome ng video pero napansin nila ang panginginig ko habang nagvi-video. Nagdahilan ako sa kanila na maraming lamok sa loob ng tunnel kaya hindi ako makapag-video nang maayos pero nagulat ako sa ipinakita sa akin ng kaklase ko.

Video iyon ng behind the scene ng ginagawa naming project. Sa akin nakatapat ang cellphone habang abala ako sa pagkuha ng video. Ilang sandali lang ay may parang kamay na lumitaw sa ilalim. Parang kamay ng isang sundalo dahil sa uniporme nito. Hawak-hawak niya ang aking dalawang paa habang pilit kong inihahakbang iyon. Gumapang ang hilakbot sa aking buong katawan sa nakita ko. Kaya pala ang bigat ihakbang ng mga paa ko dahil may kung sinong pumipigil doon. Ang sumunod na eksena ang mas lalong

nagpagimbal sa akin. Kaya pala nanginginig ang mga kamay ko habang hawak ko ang camera ay dahil may humahawak doon at pilit na pinipigilan ako sa pagvi-video.

Mayroon pa akong kopya ng video. At kapag pinapanood ko iyon ay hindi ko maiwasang matakot!

# Pamahiin

Feliza po ang pangalan ko. Diez y nueve años, taga-Binangonan, Rizal. Nagtatrabaho po ako sa isang gasoline station bilang cashier.

Ang kuwentong ibabahagi ko ay tungkol sa isang estrangherong nakasabay ko sa jeep noong minsang umuwi ako galing sa trabaho. First time po nangyari sa akin ito at first time ko rin pong ibabahagi ang kuwentong ito. Wala po akong pinagkuwentuhan.

Pasado alas ocho na nang matapos ang shift ko nang araw na iyon. Kailangan ko pang sumakay ng jeep bago makarating sa bahay. Naglakad muna ako ng ilang metro para

marating ko ang sakayan ng jeep. Sa totoo lang ay napapagod na rin ako sa routine ko araw-araw. Hindi ko lang talaga mabitawan agad ang trabaho kong ito dahil wala pa akong malilipatan. Mahirap kasing maghanap ng trabaho sa panahon ngayon kahit na degree holder ka. Kailangan mo talagang magtiis sa kahit anong trabaho.

Pagsakay ko ng jeep ay siksikan ang mga pasahero roon. Ganoon palagi ang kapalaran ng isang commuter. Kung maarte ka sa siksikan ay baka hindi ka makauwi.

Isang natutulog na babae ang nakatabi ko sa jeep. Halata sa mukha niya ang pagod. Siguro nakatulog siya dahil doon. Nagulat na lamang ako nang may mapansin akong itim na paru-paro na lumipad sa harapan ko. Ilang sandali lang at dumapo iyon sa balikat ng isang ale. Nagulat ako dahil alam kong malas iyon, ayon sa lola ko. May kung sino raw na mamamatay!

Binugaw ko iyon at agad iyong lumipad palayo. Ayaw ko namang gisingin iyong ale, baka kasi magalit pa siya kapag sinabi ko ang dahilan. Mayamaya lang ay nagising na nga iyong ale. Tumunog ang cellphone niya. May tumatawag sa kanya. Narinig kong may naaksidente raw. Saksi ako sa paghagulhol

ng babae habang pinapakinggan ang sinasabi ng kausap niya mula sa kabilang linya.

Nanindig ang aking mga balahibo sa nasaksihan ko. Ewan ko kung nagkataon lang ba iyon o dahil sa itim na paru-paro na dumapo sa balikat ng ale? Pero maraming nagsasabi na totoo ang mga pamahiin at marami roon ay nagkakatotoo talaga.

Ipinagdasal ko na lamang na sana ay makaligtas kung sino man ang tinutukoy ng kausap ng ale na umano ay naaksidente. Mabilis na pinara ng ale ang jeep at saka bumaba. Hindi ko inaalis ang tingin ko sa kanya hanggang sa kinabahan ako sa aking nakita. May lumilipad na namang paru-paro sa likod ng ale. Nadagdagan pa ang kaba ko nang dumapo iyon sa likod nito. Napapikit na lamang ako at nagdasal na sana ay walang masamang mangyari sa kung sino mang itinutukoy ng paru-parong itim!

# PORTAL

Ako nga po pala si Dawn. Taga-Bukidnon. Beinte dos años. Noong nakaraang taon ay nakahiligan kong mag-order ng mga bagay na nakikita ko online. Kaliwa't kanan na nga ang dumarating na delivery ko at minsan, hindi ko na matandaan na nag-order pala ako ng mga bagay na iyon.

Isang umaga habang nagdidilig ako ng mga tanim sa aming bakuran ay may dumating na parcel para sa akin. Nalaman ko na lamang na isa iyong malaking salamin na kasya ang buong katawan mo kapag nakaharap doon. Noon ko lang naalala na umorder nga pala ako niyon. Hindi ko naman intensyon na umorder

ng ganoon kalaking salamin pero dahil may discount ay napa-order ako. Nang mabayaran ko na, agad ko iyong ipinasok sa kuwarto ko. Doon ko ito ipinuwesto sa paanan ng kama ko. Tiningnan ko ang salamin at sinubukang manalamin roon. Nanlaki pa ang mga mata ko dahil sa gulat dahil kakaiba ang salamin na iyon. Perfect ang pagkakagawa dahil napakaganda ng repleksyon ko roon.

Kinagabihan ay naglinis na ako ng katawan at pumwesto na sa harap ng salamin para maglagay ng facial mask. Sinuklay ko na rin ang aking abot-baywang na buhok at dumirecho nang matulog. Ilang sandali lang ay malalim na ang tulog ko.

Mayamaya lang ay naramdaman kong tila may gumagapang sa ibabaw ng kama ko. Ilang sandali pa ay may naramdaman ako na parang may mabalahibong kamay na humawak sa paa ko. Napabalikwas ako nang bangon at agad na napatingin sa malaking salamin. Muntik pa akong magulat nang makita ko roon ang sarili ko.

Napaisip ako. Totoo ba iyon o panaginip lang? Muli akong natulog at sa pangalawang pagkakataon ay may naramdaman na naman akong kakaiba sa paanan ng kama ko. Parang may presensya na nakatingin sa akin mula

roon. Napamulat ako at agad na bumangon. Naisip ko na baka gawa iyon ng malaking salamin.

Tumayo ako at tinakpan ng tela ang malaking salamin. Doon lamang ako nakatulog nang maayos. Nalaman ko na lamang kinaumagahan kay Mama na bawal pala talagang ilagay sa paanan ng kama ang malaking salamin. Sinasabi raw kasi ng matatanda ay portal daw ang salamin papunta sa mundo ng mga engkanto. Nanindig ang balahibo ko sa nalaman ko. Ibig sabihin pala ay totoo ang naramdaman ko nang nakaraang gabi at hindi iyon basta panaginip lang.

Nang araw ring iyon ay ipinamigay ko na ang salamin. Matiwasay na ang tulog ko at hindi na ako nanaginip ng masama.

# MANGGAGAYA

Magandang araw! Ang pangalan ko ay Maria Fe. Cincuenta años, isang product inventory staff sa isang factory ng kilalang brand ng gatas sa Pilipinas. Cuarenta lang ako noon nang magsimula akong magtrabaho sa nasabing factory. Sa susunod na buwan ay ang ikasampung taon ko na.

Gaya ng karamihan ay may mga nakakahilakbot na karanasan din ako sa pagtatrabaho ko sa factory.

Matanda na itong factory dahil ito ang kauna-unahang branch na ipinatayo ng may-ari. Medyo ni-restore lang ang ibang parte

ng pabrika para mas maging maayos itong tingnan.

Taong 2015 nang maka-experience ako ng kakaiba sa factory.

Habang hinihintay ko ang pagdating ng kasalitan ko ng shift na si Meriam ay inaliw ko na lamang ang sarili ko sa paglalaro ng online games. Fifteen minutes na lang kasi at uwian ko na. Mayamaya lang ay darating na rin si Meriam. Ngunit dumaan na ang fifteen minutes ay wala pa rin ito. Hindi man lang ito nag-text na male-late. Tinapos ko ang paglalaro at balak ko sanang i-text siya. Hindi pa man ako nakakatipa ng message ko sa kanya ay may narinig na akong mga yabag sa hallway. Si Meriam na siguro iyon.

Hinintay ko na lang na pumasok siya sa office bago ako umuwi. Mayamaya lang ay pumasok na nga si Meriam. Tinawag ko ang pangalan niya pero wala akong tugon na narinig mula sa kanya. Tinanong ko pa siya kung bakit siya na-late ng dating, pero hindi pa rin siya sumasagot. Ewan ko kung narinig ba niya ang sinasabi ko o sinasadya niya talaga na huwag mamansin dahil baka nag-away na naman sila ni Jelord, ang kanyang nobyo na wala nang ginawa kundi ang bigyan siya ng sakit ng ulo. Ewan ko ba kay Meriam

kung bakit niya tinitiis ang pag-uugali na iyon ng nobyo niya. Sa tingin ko nga ay may ibang babae iyon na itinatago sa kanya.

Matapos kong iligpit ang aking mga gamit, nagpaalam na ako na uuwi na. Hindi pa rin niya ako kinikibo. Nakatalikod siya sa gawi ko habang nagtatrabaho. Kabisado ko na ang ugali ni Meriam. Madalas itong tinotopak kaya hinayaan ko na lamang siya. Ime-message ko na lamang siya na umuwi na ako. Siguro ay mababasa naman niya iyon.

Nang marating ko na ang entrance at exit door ng empleyado ng factory ay tinanong ako ni Manong Joel kung aalis na raw ako. Biniro ko pa siya na papasok pa lang sabay tawa. Patawa kasi talaga itong si Manong. Siya ang nakatokang guard na pang-night shift sa araw na iyon.

Nagpaalam na ako sa kanya at akma na sanang hahakbang palabas nang tawagin niya ako at sinabi na hindi pa raw dumarating ang kasalitan ko, hindi pa raw ako puwedeng umalis. Nagulat ako sa sinabi niya. Paano namang hindi pa dumarating si Meriam, eh kakapasok lang nito sa office? Sinabi ko kay guwardiya na nandoon na sa loob si Meriam. Iginiit iyon ni Manong Joel at ipinakita niya sa akin ang log book. Wala ngang Meriam

na naka-time in roon. Napakaimposible naman ng bagay na iyon dahil kitang-kita ng dalawang mga mata ko naroon na sa loob si Meriam.

Maging si Manong Joel ay nagulat din sa aking sinasabi. Noong nakaraan daw ay nakita rin niya ang doppel ganger ko. Sinabi ko kay Manong na wala akong panahon na makipagbiruan. Baka ginu-good time lang niya ako. Mapagbiro naman kasi minsan ang bantay sa pabrika.

Natigilan na lamang ako nang tumunog ang cellphone ko. Mabilis ko iyong inilabas sa bag ko at tiningnan kung sino ang tumatawag. Si Meriam. Mabilis ko iyong sinagot.

Napamaang ako sa sinabi niya. Hindi raw siya makakapasok dahil masama ang pakiramdam niya. Doon ko lang napagtanto na hindi nga ang totoong Meriam ang nakita ko sa loob ng office kundi isang impostor!